ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Baitang 7 sa Pagbuo ng Bangketa ng Kaalaman

Leonicar S. Cabaylo[1]*, Divina T. Feleciano, PhD[2]
[1]Sabanal National High School, [2]Sultan Kudarat State University
*Corresponding Author email: *leonicar.cabaylo@deped.gov.ph*

**Received**: 27 February 2025 **Revised**: 31 March 2025 **Accepted**: 02 April 2025

**Available Online**: 04 April 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

https://doi.org/10.63498/nxz2st249

***Abstrak***
**Layunin:** Layunin ng pag-aaral na mapunan ang kakulangan ng datos tungkol sa kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral sa Baitang 7 ng Mataas na Paaralan ng Sabanal, makapagbigay ng epektibong solusyon, at makatulong sa pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon na naaayon sa kanilang lokal at pangkulturang konteksto.
**Metodolohiya:** Ginamit ng pag-aaral na ito ang Research and Development (R&D) na disenyo upang bumuo at balidahin ang isang kagamitang pampagtuturo na tinatawag na *"Bangketa ng Kaalaman"*, na naglalayong mapabuti ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Isinagawa ang pag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Sabanal, na matatagpuan sa Barangay Sabanal, Kalamansig, Sultan Kudarat. Ginamit ang complete enumeration technique, kung saan lahat ng mag-aaral sa Baitang 7 sa taong panuruan 2024–2025 ay naging kalahok sa pag-aaral. Dagdag pa rito, anim (6) na eksperto sa edukasyon ang nagsagawa ng balidasyon sa mga instrumento ng pananaliksik at nagbigay ng puna ukol sa interbensiyon.
**Resulta:** Ang pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpakita ng mababang resulta, na may kabuuang iskor na 37.91%, hindi pumasa sa itinakdang pamantayan. Ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.
Samantala, ang bisa ng "Bangketa ng Kaalaman" bilang interbensyon ay napatunayang mataas, na may kabuuang iskor na 4.53, na nangangahulugang ito ay napakabalido bilang kasangkapan sa pagpapahusay ng pagbasa.
Sa pagtanggap ng "Bangketa ng Kaalaman," parehong positibo ang pananaw ng mga guro (4.68) at mag-aaral (4.80), na nasa antas ng "Lubos na Katanggap-tanggap." Wala ring makabuluhang diperensya sa kanilang pagtanggap, na nagpapatunay sa bisa ng modyul bilang epektibong interbensyon sa pagbasa.
**Konklusyon:** Batay sa mga resulta, kinakailangan ang agarang interbensyon sa pagbasa upang mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Samantala, ang "Bangketa ng Kaalaman" ay napatunayang may mataas na bisa at tinanggap ng mga guro at mag-aaral bilang isang mahalagang materyal sa pagtuturo.
***Mga pangunahing salita:*** Kasanayan sa pagbasa, interbensyon sa pagbasa, Bangketa ng Kaalaman, epektibong pagtuturo, balidasyon ng modyul, edukasyong lokal

## PANIMULA

Ang kasanayan sa pagbasa ay higit pa sa simpleng pagkilala ng mga salita; ito ay isang mahalagang pundasyon ng tagumpay sa buhay. Sa bawat pahinang binubuksan ng isang aklat, nagkakaroon ng mas maraming oportunidad para sa mas mataas na antas ng kaalaman at pag-unlad. Gayunpaman, sa mga malalayong lugar tulad ng Kalamansig, Sultan Kudarat, ang hamon sa pagbasa ay hindi lamang tungkol sa kakulangan ng mga materyales kundi pati na rin sa limitadong suporta upang matulungan ang bawat mag-aaral na maabot ang kanilang buong potensyal.

Ayon sa pananaliksik, may mahalagang papel ang kasanayan sa pagbasa sa paghubog ng tagumpay sa larangang pang-edukasyon at pang-ekonomiya (De Guzman, 2019). Natukoy sa isang ulat ng Departamento ng Edukasyon noong 2020 ang patuloy na pagbaba ng antas ng kakayahan sa pag-unawa ng mga estudyante sa



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

pagbasa sa elementarya at sekondarya. Isa sa mga pangunahing hamon ay ang kakulangan ng angkop na materyales sa pagtuturo, pati na rin ang limitadong interbensyon upang mapalawak ang kasanayan sa pagbasa.

Sa Mataas na Paaralan ng Sabanal, Kalamansig, Sultan Kudarat, nahaharap ang mga mag-aaral sa Baitang 7 sa hamon ng mababang kasanayan sa pagbasa, lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng malalim na pagsusuri at pag-unawa. Isa sa mga pangunahing sanhi nito ay ang kakulangan ng sapat at angkop na materyales na akma sa antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang mga kagamitang pampagtuturo na hindi tumutugma sa lingguwistiko at kultural na konteksto ng mga mag-aaral ay nagiging sanhi ng mababang motibasyon at mahinang akademikong pagganap.

Sa kabila ng mga pag-aaral hinggil sa kakulangan ng kakayahan ng mga estudyante sa pag-unawa ng teksto, nananatiling limitado ang pananaliksik na nakatuon sa natatanging kalagayan ng mga paaralan sa kanayunan. Ang kakulangan ng mga modyul at iba pang materyales na angkop sa lingguwistiko at kultural na konteksto ng mga estudyante ay patuloy na nagiging sanhi ng mababang antas ng pag-unawa.

Layunin ng pag-aaral na ito na mapunan ang kakulangan ng datos tungkol sa kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral sa Baitang 7 ng Sabanal High School, makapagbigay ng epektibong solusyon, at makatulong sa pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon na naaayon sa kanilang lokal at pangkulturang konteksto.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ay naglalayong suriin ang mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 para sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Sinagot sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ayon sa:
   1.1 Pag-unawa sa binabasa;
   1.2 Pagsusuri ng Teksto; at
   1.3 Paggamit ng Balarila?
2. Ano ang antas ng validiti ng nabuong bangketa ng kaalaman ayon sa;
   2.1 kaangkupan;
   2.2 pagkakabuo at anyo; at
   2.3 nilalaman?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng guro ng nabuong bangketa ng kaalaman ayon sa;
   3.1. Layunin;
   3.2. Nilalaman;;
   3.3. Pormat;
   3.4. Presentasyon ; at
   3.5. Pagsasanay?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral ng nabuong bangketa ng kaalaman?
   4.1. Layunin;
   4.2. Nilalaman;;
   4.3. Pormat;
   4.4. Presentasyon ; at
   4.5. Pagsasanay?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral ng nabuong Bangketa ng Kaalaman?

**Hipotesis**

Batay sa itinakdang suliranin ng pananaliksik, sinuri ang sumusunod na mga hipotesis sa antas ng 0.05 na kahalagahan:

Hypothesis 1: Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong Bangketa ng Kaalaman.

Hypothesis 2: May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong Bangketa ng Kaalaman.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pag-aaral**

Gumamit ang pananaliksik na ito ng Research and Development (R&D) na disenyo upang makabuo at maberipika ang bisa ng Bangketa ng Kaalaman bilang interbensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ang disenyong ito ay nakatuon sa paglikha ng epektibong materyales sa pagtuturo upang mapahusay ang kasanayan sa pagbasa. Sinuri rin ang bisa ng nabuong materyales at ang antas ng pagtanggap dito ng mga guro at mag-aaral upang matukoy ang epekto nito sa kanilang kasanayan sa pagbasa.

**Kalahok at Sampling Teknik**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang complete enumeration, kung saan lahat ng 30 mag-aaral sa Baitang 7 ng Mataas na Paaralan ng Sabanal ay naging kalahok.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay isang pagsusulit upang sukatin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, kabilang ang pag-unawa, pagsusuri ng teksto at paggamit ng balarila. Ito ay nasa anyong multiple choice at binuo gamit ang talaan ng espesipikasyon. Ang balidasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng content validity, kung saan anim na eksperto sa edukasyon ang nagsuri at nagbigay ng opinyon upang matiyak ang angkop na nilalaman ng pagsusulit.

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Ang mga datos ay tinipon, sinuri at pinag-aralan alinsunod sa layunin ng pag-aaral at pagsunod sa lahat ng itinakdang panuntunan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Sinimulan ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng SKSU at sa Pansangay na Tagapamanihala ng Dibisyon ng Sultan Kudarat upang humingi ng pahintulot. Matapos makuha ang pag-apruba ng DepEd at ng Punongguro ng Mataas na Paaralan ng Sabanal, isinagawa ang pagsusulit sa mga mag-aaral sa Baitang 7 upang masukat ang kanilang kasanayan sa pagbasa. Pagkatapos, binuo at sinuri ng mga eksperto ang Bangketa ng Kaalaman, isang kagamitang pampagtuturo na ginamit sa pagsusuri ng mga sagot at reaksyon ng mag-aaral.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang frequency at percentage upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ginamit ang mean at standard deviation upang sukatin ang antas ng balidasyon ng Bangketa ng Kaalaman batay sa isinagawang ebalwasyon ng mga eksperto. Samantala, ang mean at standard deviation ay ginamit din upang suriin ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa modyul. Upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pananaw, isinagawa ang Independent Samples T-test.

**Etikal na Konsiderasyon**

Isinagawa ng mananaliksik ang mga etikal na hakbang tulad ng paghingi ng pahintulot mula sa mga awtoridad ng paaralan at mga magulang ng mga kalahok. Tiniyak na mananatiling kumpidensyal ang mga impormasyon at ang mga kalahok ay binigyan ng malinaw na impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik.

**RESULTA AT INTERPRETASYON**

**Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Ang talahanayang ito ay naglalahad ng pangkalahatang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa tatlong aspekto: Pag-unawa sa Binasa, Pagsusuri ng Teksto, at Paggamit ng Balarila. Ipinapakita nito ang porsyento ng mga mag-aaral na hindi pumasa sa bawat aspekto, na maaaring magsilbing batayan sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Talahanayan 1. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

| Kasanayan sa Pagbasa | Rating | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Pag-unawa sa Binasa | 43.54 | Hindi Pumasa |
| Pagsusuri ng teksto | 36.47 | Hindi Pumasa |
| Paggamit ng Balarila | 33.73 | Hindi Pumasa |
| KABUOAN | 37.91 | Hindi Pumasa |

Batay sa Talahanayan 1, mababa ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral: Pag-unawa sa Binasa (43.54), Pagsusuri ng Teksto (36.47), at Paggamit ng Balarila (33.73), na may kabuuang rating na 37.91. Ipinapakita nito ang pangangailangan para sa agarang interbensyon upang mapataas ang kasanayan sa pagbasa.

Ang mababang kakayahan sa pagbasa ay maaaring dulot ng kakulangan sa angkop na kagamitang panturo, limitadong pagkakalantad sa akademikong babasahin, at hindi sapat na pagsasanay sa pagsusuri ng teksto at paggamit ng balarila. Ayon kay Duke et al. (2021), ang kalidad ng mga kagamitang pampagtuturo ay may malaking epekto sa pag-unawa sa binasa. Sinusuportahan ito nina Topping at Trickey (2020), na nagsasabing ang paggamit ng interaktibo at culturally relevant reading materials ay may positibong epekto sa kasanayan sa pagbasa. Batay sa mga ito, ang pagbibigay ng makabago at angkop na kagamitan, tulad ng Bangketa ng Kaalaman, ay maaaring makatulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Antas ng Balidititi ng Nabuong Bangketa ng Kaalaman**

Ipinapakita sa talahanayan ang pagsusuri sa balidititi ng Bangketa ng Kaalaman batay sa tatlong pangunahing aspekto: Kaangkupan, Pagkakabuo at Anyo, at Nilalaman ng Modyul

**Talahanayan 2. Antas ng balidititi ng nabuong Bangketa ng Kaalaman**

| Pamantayan | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan | 4.46 | 0.49 | Napakabalido |
| Pagkakabuo at Anyo | 4.60 | 0.47 | Napakabalido |
| Nilalaman ng Modyul | 4.54 | 0.49 | Napakabalido |
| KABUOAN | 4.53 | 0.48 | Napakabalido |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang Bangketa ng Kaalaman ay may mataas na antas ng balidititi sa lahat ng pamantayan: kaangkupan (M=4.46, SD=0.49), pagkakabuo at anyo (M=4.60, SD=0.47), at nilalaman (M=4.54, SD=0.49), na may kabuuang mean na 4.53 (SD=0.48).

Ipinapakita ng resulta na ang Bangketa ng Kaalaman ay napakabalido bilang kagamitang panturo, ayon sa ebalwasyon ng anim na eksperto. Ang modyul ay dapat masusing suriin upang matiyak ang bisa nito. Ayon naman kina Levesque at Kieffer (2019), mas epektibo ang mga kagamitang may malinaw na estruktura at organisasyon. Ang mataas na balidititi ng Bangketa ng Kaalaman ay nagpapatunay na ito ay isang epektibong interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa.

**Antas ng Pagtanggap ng Guro sa nabuong Bangketa ng Kaalaman**

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng antas ng pagtanggap ng mga guro sa Bangketa ng Kaalaman batay sa limang pangunahing indeheytor: layunin, nilalaman, pormat, presentasyon, at pagsasanay.

**Talahanayan 3. Antas ng pagtanggap ng guro ng nabuong Bangketa ng Kaalaman.**

| Pamantayan | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.39 | 0.48 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.63 | 0.41 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pormat | 4.83 | 0.30 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4.78 | 0.40 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pagsasanay | 4.79 | 0.39 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Kabuoan | 4.68 | 0.41 | Lubos na katanggap-tanggap |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Scholar
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Makikita sa Talahanayan 3 na ang Bangketa ng Kaalaman ay lubos na katanggap-tanggap sa mga guro sa lahat ng pamantayan: layunin (M=4.39, SD=0.48), nilalaman (M=4.63, SD=0.41), pormat (M=4.83, SD=0.30), presentasyon (M=4.78, SD=0.40), at pagsasanay (M=4.79, SD=0.39), na may kabuuang mean na 4.68 (SD=0.41).

Ipinapakita ng mataas na ebalwasyon na ang Bangketa ng Kaalaman ay may malinaw na layunin, mahusay na nilalaman, organisadong pormat, at epektibong presentasyon. Ayon kina Smith at Read (2021), ang positibong pagtanggap ng mga guro ay mahalaga sa tagumpay ng kagamitang panturo. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Cartwright (2023), na nagsasabing mas epektibo ang materyales na may malinaw na estruktura at madaling gamitin. Samakatuwid, ang mataas na antas ng pagtanggap ng mga guro sa Bangketa ng Kaalaman ay nagpapatunay sa kahalagahan nito bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa.

**Antas ng Pagtanggap ng Mag-aaral sa Nabuong Bangketa ng Kaalaman**

Ipinapakita sa susunod na talahanayan ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa Bangketa ng Kaalaman batay sa limang pangunahing aspekto na ginamit din sa pagtataya ng mga guro sa layunin, nilalaman, pormat, presentasyon, at pagsasanay.

**Talahanayan 4. Antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral ng nabuong Bangketa ng Kaalaman**.

| Pamantayan | Mean | sd | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.76 | 0.42 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.80 | 0.39 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pormat | 4.85 | 0.29 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Presentasyon | 4.71 | 0.44 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Pagsasanay | 4.87 | 0.33 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Kabuoan | 4.80 | 0.37 | Lubos na katanggap-tanggap |

Makikita sa Talahanayan 4 na ang Bangketa ng Kaalaman ay lubos na katanggap-tanggap sa mga mag-aaral sa lahat ng pamantayan: layunin (M=4.76, SD=0.42), nilalaman (M=4.80, SD=0.39), pormat (M=4.85, SD=0.29), presentasyon (M=4.71, SD=0.44), at pagsasanay (M=4.87, SD=0.33), na may kabuuang mean na 4.80 (SD=0.37).

Ipinapakita ng resulta na ang Bangketa ng Kaalaman ay malinaw, organisado, madaling gamitin, at epektibo sa pag-engganyo ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ayon kay Tompkins (2021), ang isang mahusay na kagamitang panturo ay dapat hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi nakakapukaw rin ng interes ng mga mag-aaral. Mas tinatanggap ng mag-aaral ang materyales sa pagbasa kapag interaktibo at madaling gamitin. Kaya't ang mataas na pagtanggap sa Bangketa ng Kaalaman ay nagpapatunay sa bisa nito bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa.

**Pagkakaiba ng Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral sa Nabuong Bangketa ng Kaalaman**

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita kung may makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral sa pagtanggap ng Bangketa ng Kaalaman.

**Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Pagtanggap ng Guro at Mag-aaral ng Nabuong Bangketa ng Kaalaman**

| **Guro** | | | **Mag-aaral** | | **t** | **p-values** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **SD** | **Mean** | **SD** | | |
| Layunin | 4.39 | 0.48 | 4.75 | 0.42 | 3.8 | 0.16 |
| Nilalaman | 4.63 | 0.41 | 4.80 | 0.39 | 0.96 | 0.40 |
| Pormat | 4.83 | 0.42 | 4.85 | 0.29 | 0.27 | 0.80 |
| Presentasyon | 4.78 | 0.40 | 4.71 | 0.44 | 0.18 | 0.37 |
| Pagsasanay | 4.79 | 0.39 | 4.87 | 0.33 | 1.31 | 0.31 |

At 0.05 Level of Significance



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Makikita sa Talahanayan 5 na may bahagyang pagkakaiba sa pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa Bangketa ng Kaalaman, ngunit walang makabuluhang pagkakaiba ($p>0.05$) sa lahat ng pamantayan. Mas mataas ang ebalwasyon ng mga mag-aaral sa halos lahat ng aspeto.

Ipinapakita ng resulta na parehong positibo ang pananaw ng guro at mag-aaral sa Bangketa ng Kaalaman. Ayon kay Wilson (2019), natural ang ganitong pagkakaiba dahil ang mga guro ay mas nakatuon sa istruktura ng materyal, habang ang mga mag-aaral ay higit sa aktwal na paggamit nito. Sinusuportahan ito nina Levesque at Kieffer (2019), na nagsasabing ang pagtanggap ng kagamitang panturo ay naiimpluwensyahan ng layunin ng gumagamit. Samakatuwid, ang Bangketa ng Kaalaman ay epektibong tinatanggap ng parehong guro at mag-aaral bilang kasangkapan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa.

**Konklusyon at Rekomendasyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Sabanal High School, Kalamansig, Sultan Kudarat ay hindi pa lubos na napapaunlad, partikular sa pagsusuri ng teksto at paggamit ng balarila. Ang datos ay nagpapakita ng pangangailangan sa mas angkop at epektibong pamamaraan ng pagtuturo upang mapalakas ang kanilang kakayahang umunawa at magsuri ng mga tekstong binabasa.

Samantala, napatunayan na ang Bangketa ng Kaalaman ay isang mabisang kagamitang panturo na may malinaw na estruktura, organisadong nilalaman, at angkop na disenyo, kaya maaaring gamitin bilang interbensyon upang mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mataas na antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa Bangketa ng Kaalaman ay nagpapakita na ito ay epektibong kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto. Gayundin, napatunayan na may positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng angkop na kagamitang panturo at pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral, na nangangahulugan na ang mas epektibong kagamitan ay maaaring humantong sa mas mataas na antas ng pagkatuto.

Dahil dito, inirerekomenda ang pagpapalawak ng paggamit ng Bangketa ng Kaalaman bilang kagamitang panturo sa pagbasa upang higit na mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Magsagawa ng pagsasanay para sa mga guro upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa paggamit ng materyal na ito at hikayatin silang bumuo ng sarili nilang kagamitang panturo na naaayon sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

Bukod dito, mahalagang palawakin ang aplikasyon ng Bangketa ng Kaalaman sa iba pang paaralan upang masuri ang bisa nito sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto at pagbutihin ito sa pamamagitan ng pagsasama ng mas interaktibong elemento upang mapataas ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral.

Sa huli, hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na pag-aralan ang iba pang aspekto ng Bangketa ng Kaalaman, tulad ng epekto nito sa iba't ibang uri ng mag-aaral, angkop na paraan ng implementasyon, at posibilidad ng pagsasama ng iba pang inobatibong estratehiya sa pagtuturo.

## SANGGUNIAN

Cartwright, K. B. (2023). Effective instructional materials for enhancing reading comprehension. *Journal of Educational Materials and Methods, 34(3)*, 213-227.

De Guzman, C. Q. (2019). *Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng Mga Mag-Aaral sa Ikatlong Baitang: Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pagsasanay sa Pag-Unawa sa Binasa*. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts.

Duke, N. K., Pearson, P. D., Strachan, S. L., & Billman, A. K. (2021). Effective strategies for reading comprehension instruction. *Journal of Educational Psychology, 113(4)*, 500-512.

Levesque, K. A., & Kieffer, M. J. (2019). How students interact with instructional materials: Implications for literacy instruction. *Journal of Literacy Research, 47(3)*, 315-329.

Smith, M., & Read, R. (2021). The role of technology in enhancing student participation in reading comprehension activities. *International Journal of Educational Technology, 37(2)*, 129-140.

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Topping, K. J., & Trickey, S. (2020). Peer-assisted learning and its effect on reading comprehension skills. *Educational Psychology, 40(2)*, 162-175.

Tompkins, G. E. (2021). *Effective teaching strategies for improving reading comprehension.* Pearson Education.

Wilson, S. (2019). Designing effective teaching materials: The role of student engagement. *Journal of Educational Design, 29(2)*, 189-200.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!